# Pagbibigay ng Access sa Epektibong Komunikasyon

# *Gabay para sa mga Pampublikong Entidad at Kaganapan*

## Ano ang Dapat Malaman Tungkol sa ADA – Title III

Ang Americans with Disabilities Act ay nag-aatas na tiyakin ng mga negosyo at mga nonprofit na organisasyon na naglilingkod sa publiko (mga entidad ng Title III) ang epektibong komunikasyon sa mga taong may mga kapansanan sa komunikasyon. Ang mga sakop na entidad ay **dapat magbigay ng mga karagdagang tulong at serbisyo** kung kinakailangan upang makipag-ugnayan nang epektibo sa mga taong may kapansanan sa komunikasyon.[1] Ang mga entidad ng Title III ay maaaring kasama ang **mga punerarya**, **propesyal na negosyo na nagbibigay ng mga legal na serbisyo (law practices)**, **mga medical office**, **mga serbisyong pinansyal**, **mga paaralan sa pagmamaneho**, at marami pa. Pakisuri ang mga mapagkukunang ito para sa mas mauunawaan ang mga kinakailangan para sa pagbibigay ng mga tulong para sa publiko.

- ADA Brief: Effective Communication (Kagawaran ng Hustisya)
- General Information - Disability Rights Section Information (Kagawaran ng Hustisya)
- Tax Incentives for Improving Accessibility (Adaptive Environments Center)
- Undue Hardship (ADA National Network)
- Maaari ka ring makipag-ugnayan sa ADA National Network Hotline para sa higit pang mga mapagkukunan ng gabay.

## Paano Maghanap ng Interpreter ng ASL

Maaaring direktang makipag-ugnayan ang mga indibidwal at pampublikong entidad sa mga interpreter o mga ahensya ng referral ng interpreter tungkol sa kanilang mga serbisyo. Mangyaring tingnan sa ibaba ang mga link sa ilang mapagkukunan.

- VDDHH Directory of Certified Interpreters, RID Directory of Certified Interpreters
- VDDHH Directory of Qualified Interpreters
- VDDHH Directory of Services, tingnan ang seksyon na may pamagat na “Mga Ahensya ng Referral ng Interpreter”

Pakitandaan na ang VDDHH ay maaari lamang mag-coordinate ng mga serbisyo ng interpreter para sa mga korte ng estado ng Virginia, ahensya, at pamahalaan.

Mga Tanong?
Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa
isp@vddhh.virginia.gov.

Para sa digital na kopya ng dokumentong ito na may mga hyperlink na maaaring i-click, mangyaring gamitin ang QR code o magpunta sa https://www.vadsa.org/apps/DocumentRepositoryViewer/fileviewer/3438.

[1] *ADA Requirements: Effective Communication*. https://archive.ada.gov/effective-comm.htm.